

Aralin 12 – Ganap na Kakayahan

Noong unang panahon, ang mga hayop sa kabukiran ay nagkakainggitan. Bawat isa ay nagnanais na magawa ang mga bagay na kayang gawin ng iba. Dahil sila ay may pagkakaisa, naisipan nilang magtulungan. Si Kabayo ay nagboluntaryong turuan si Pato na tumakbo ng mabilis. Dahil nagnanais na matotong tumakbo na simbilis ni Kabayo, si Pato ay nagtatatakbo buong linggo. Di niya namalayan na ang kanyang mga paang may palikpik na ginagamit niya sa paglangoy ay unti-unting napunit. Dahil dito, si Pato ay di na makalangoy. At ang nakalulungkot sa lahat, hindi rin naman siya natutong tumakbo na tulad ni Kabayo.

Dahil sa pagkakabaldado ni Pato, ang mga hayop ay nagtanong, “Sino na ang magiging Kapitan ng lawa ngayong si Pato ay di na makalangoy?” Agad namang nagtaas ng kamay si Pusa na inggit na inggit kay Pato sa tuwing ito ay kanyang napapanood mula sa tuktuk ng puno na lumalangoy sa lawa. Sabi ni Pusa, “Ako na ang bahala sa paglangoy sa lawa”. Kasabay ng kanyang matapang na pagboluntaryo ay ang pagtalon sa lawa. Ngunit si Pusa ay di marunong lumalangoy. Ang kanyang balahibo ay humigop ng napakaraming tubig kung kayat ang kanyang katawan ay bumigat at siya ay hinatak nitong palubog. Sinubokan niyang ikampay ang kanyang mga paa’t kamay ngunit lubhang maliliit ang mga ito upang iangat ang kanyang mabigat na katawan. Buti na lang naroon si Aso at siya ay iniligtas. Mula noon, si Pusa ay nagkaroon ng malaking takot sa tubig.

Si Aso ang pinakamaingay sa kabukiran, yun ay noong di pa dumarating si Tandang. Nais ibalik ni Aso ang kanyang katanyagan sa kaingayan. Lumapit siya kay Tandang at nagpaturong tumilaok. Sabi ni Tandang, “Kung ikaw ay titilaok, gamitin ang boses mula sa lalamunan at hindi katulad ng iyong pagkahol na nagmumula sa dibdib”. Agad itong sinubukan ni Aso. Nunit dahil may kalakihan ang leeg ni Aso, kinakailangan niyan ipitin ng husto ang kanyang lalamunan sa pagtilaok. Ito ang naging dahilan ng pagkakagaspas ng kanyang lalamunan at siya ay namaos at tuluyang nawalan ng boses.

Nang dumating si Mang Donald, ang may-ari ng kabukiran, siya ay nadismaya sa nadatnan. Siya ay may Patong di makalangoy, basang Pusa na nanginginig sa takot, Asong di makakahol at iba pang mga hayop na di na magawa nang maayos ang mga bagay na dati nilang ginagawa.

Napakaraming tao ngayon ang nagpupumilit gawin ang mga bagay na di angkop para sa kanila. Tulad ng mga hayop sa kabukiran, ang kanilang pagpupumilit ang sumisira sa kanilang likas na kakayahan. Sang-ayon sa surbey na ginawa sa Estados Unidos, limampu hanggang walumpung porsyento ng manggagawa ay nasa posisyong hindi angkop sa kanilang likas na kakayahan.

Sinabi sa Biblia na ang Diyos na lumikha ng lahat ay siya ring nagdesenyo sa bawat isa sa atin (Awit 19:1; 119:73). Ang desenyong ito ay kakaiba sa lahat kaya’t ikaw at ako ay kakaiba, walang kahalintulad. Ang desenyong ng Diyos ay di lamang makikita sa ating panglabas na anyo. Ito ay makikita sa ating likas na kakayahan, talento at abilidad. Kung ikaw ay malikhain, Diyos ang siyang nagbigay sa iyo ng ganyang kakayahan. Kung ikaw ay mabilis, malakas at maresistensiya, sa Diyos iyan nanggaling.

Dahil ikaw ay nilikha ng Diyos na kakaiba, ikaw ngayon ay mahalaga at kinakailangan ng ating mundo sa iyong henerasyon (Mga Taga-Corinto 12:14-17).

Nakakalungkot nga lang isipin na bagamat ang bawat isa sa atin ay nilikha ng Diyos na may sariling likas na kakayahan, ito ay kadalasang ating isinasantabi upang magawa ang mga bagay na kinaiingitan natin sa iba na di naman angkop sa atin.

May ilan tayong mga kababayan ang sumikat dahil sa taglay nilang kakayahan ang tumalikod sa talentong nagpasikat sa kanila upang makibaka sa larangan ng politika. May ilan na nagtagumpay ngunit karamihan ay hindi. Ang sinasabi kong pagtagumpay ay hindi ang pagkapanalo sa eleksyon kundi ang tagumpay sa paggawa ng responsibilidad na naka-atang sa opisinang kanilang itinakbo. At ang kanilang pagkabigo na gawin ang gawain na di angkop sa kanila ay paghihirap ng karamihan nating kababayan.

Huwag talikuran ang desenyong ng Diyos para sa iyo. Huwag nang piliting angkinin ang bagay na di angkop sa iyo. Magsilbi sa komunidad at bayan sang-ayon sa iyong likas na kakayahan. Kailangan ka ng komunidad bilang ikaw. Kailangan ka ng bayan bilang ikaw. Kailangan ka ng Diyos bilang ikaw.

Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Ikaw ba'y nagnanais na mabuhay na may kabuluhan sa iyong henerasyon? Bakit?
2. Naniniwala ka ba na ikaw ay nilikha ng Diyos na may likas na kakayahang magkaroon ng kabuluhan sa mundong ito? Bakit?
3. Kilala mo ba ang iyong sarili? Alam mo ba ang iyong likas na kakayahan?
4. Paano mo gagamitin ang iyong likas na kakayahan upang magkaroon ng positibong epekto sa iyong komunidad at bayan?
5. Paano mo palalaksin pa ang iyong likas na kakayahan?